III

DALAWANG KURU-KURONG MAGKASALUNGAT NI MABINI

Sino ang magsasabing si Mabini, ang bantug na lumpo at tinatawag ng ibang "utak ng himagsikan" ay magkakaroon ng dalawang kuru-kurong tunay na nagkakasalungat?

Kung ito'y ibabalita lamang sa sumulat ng mga talatang ito ay maaaring hindi ko mapaniwalaan agad. Nguni't iya'y siyang totoo. Na sa akin ang mga katibayan, kaya hindi ako makapag-aalinlangan kaunti man.

Sa kanyang napabantug na LA REVOLUCION FILIPINA na sinulat niya sa Guam at pagkatapos ay siya rin ang naghulog sa wikang ingles, ay pinakatuli-tuligsa niya si Aguinaldo at pinag-ukulan ng mapapait na paratang. Basahin natin ang kabanatang ika-X ng salin niya sa wikang ingles at ganito ang kanyang sinasabi:

> "Andres Bonifacio's death had plainly shown Mr. Aguinaldo's immeasurable ambition of power, and the personal enemies of Luna by means of clever intrigues exploited this weakness to ruin him. If Aguinaldo, instead of killing Luna, had supported him with all his might, it should be too much presumption to say that the revolution would have triumphed; but I have not the least doubt that the Americans would have had a higher idea of the courage and military capacity of the Filipinos. If Luna were living, I am certain that the deadly blow given by General Otis would have been checked or at least avoided in time, and Aguinaldo's incapacity in the military command would not have been clearly demonstrated. Moreover, to get rid of Luna, Aguinaldo availed himself of the same soldiers the former had punished for breach of discip-

line; then Aguinaldo killed the discipline, destroying his own army. With Luna its firmest support, the revolution fell, and the ignominy of the fall, weighing entirely upon Aguinaldo, caused his moral death, a thousand times bitterer than the physical one; then Aguinaldo ruined himself, condemned by his own actions. That is the way Providence punishes the great crimes."

Na, ang salin sa tagalog ay ganito ang kahulugan:

"Ang pagkamatay ni Andres Bonifacio ay nagpakilalang maliwanag na si Aguinaldo ay may isang walang habas na kasakiman sa kapangyarihan, at ang mga sariling kaaway ni Hen. Luna, sa pamamagitan ng mga hibo ay nakapagsamantala sa kahinaan niya, upang si Luna ay maipapatay. Kung kinatigan ng buong kaya ni Aguinaldo si Luna, sa halip na patayin, sabihing nagtagumpay sana ang Panghihimagsik, ay isa marahil na napakalabis na pangarap; nguni't hindi ako nagaalinlangang ang mga Amerikano sana'y nagkaroon ng mataas na pahalaga sa tapang at kakayahan sa pagka-militar ng mga Pilipino. Kung buhay si Luna, ay tiyak na masasabi kong ang dagok na ibinigay ni Heneral Otis ay nasugpo o kung di ma'y nailagan sana, at di napagkilalang maliwanag ang kawalang kaya ni Aguinaldo sa pamamanihala ng hukbo. Tangi sa rito, upang maiyalis si Luna ay ginamit ni Aguinaldo ang mga kawal ding pinarusahan nito, dahilan sa paglabag sa disiplina; pinatay nga ni Aguinaldo ang disiplina, at siya na rin ang lumansag sa kanyang sariling hukbo. Sa pagkahulog ni Luna na siyang lalong matibay na suhay, ay bumagsak ang paghihimagsik, at ang kalait-lait na pagkabagsak na buung-buong napapataw kay Aguinaldo ay siya ring pumatay sa dangal nito na makalilibong mapait kay sa pagkamatay ng katawan; si Aguinaldo nga'y siya ring sumira sa kanyang sarili, siya'y pinarusahan ng kanyang mga sariling kagagawan. Ganito kung magparusa si Bathala sa malalaking katampalasanan."

Sa kuru-kurong iyan ni Mabini ay maliwanag na "pinanghihinayangan" niya ang pagkamatay ni Luna. Iyan ay sa isang akdang kaya sinulat ay sa hangad na mabasa ng marami, nguni't sa sarilinan, sa isang sulat na ipinadala kay

G. Galicano Apacible, naging Kalihim ng̃ Kagawaran ng̃ Pagsasaka at Likas na Kayamanan at kaibigang matalik ni Mabini, na noo'y na sa Hongkong, ay iba naman ang kanyang palagay at kuru-kuro sa pagkamatay ni Luna. Basahin natin ang ikatlong talata ng̃ kanyang mahabang liham na nivari sa Rosales, noong ika-25 ng̃ Hulyo ng̃ 1899, at ganito ang nilalaman:

"* * * por mas que yo deplore y repruebe la muerte violenta de Luna, la desaparición de este ha alejado una tormenta que amenazaba. Luna aspiraba a mucho, convencido tal vez de que era más instruido que Puno y si no habia hecho nada era por que no habia adquirido aun el prestigio necesario para ponerse frente a frente de Puno (Aguinaldo). Por eso aspiraba a la Presidencia del Consejo con la Secretaria de Guerra. La debilidad de Puno (Aguinaldo) para con el ha contribuido mucho a provocar sus ambiciones, por que como le dejaba obrar creyo que podria manejarle como un maniqui; pero como yo conozco a Puno (Aguinaldo), no es muy arriesgado suponer que si Luna hubiese conseguido lo que deseaba, hubiera ocurrido una division que tal vez nos hubiese aniquilado a todos."

Narito ang salin sa tagalog:

"* * * baga man at dinaramdam ko ep. di minamabuti ang magahasang pagkakapatay kay Luna, ANG PAGKAWALA NITO AY NAGPALAYO NG̃ ISANG SIGWANG NAGBABALA. Maraming hinahangad si Luna, sa pananalig marahil na siya ay may katalinuhang higit kay Puno (Aguinaldo), at kung hindi man gumawa ng̃ ano man ay sapagka't hindi pa nagkakaroon ng̃ kailang̃ang lakas upang makitalad nang harapan kay Puno (Aguinaldo). Dahil sa gayong pananalig ay naghang̃ad na malagay sa Pang̃uluhan ng̃ Sanggunian na kalakip dito'y ang Kalihiman ng̃ Digma. Ang kahinaan ni Puno (Aguinaldo) sa harap niya ay nakatulong upang gising̃in ang mg̃a paghahang̃ad ni Luna, sa pagka't pinabayaan siyang gumawa ay naniwala naman siyang maaari niyang ipalagay na parang isang maniki; ng̃uni't yayamang nakikilala ko si

Puno (Aguinaldo), ay hindi isang kapangahasang ipalagay na kung natamo ni Luna ang kanyang hinangad, sapilitang nagkaroon ng pagkakahati-hati na marahil ay nakapuksa sa lahat."

Sa harap ng dalawang magkasalungat na kuru-kurong iyan ni Mabini ay hindi kataka-takang pag-alinlangan kung alin ang dapat paniwalaan: kung ang nakalagay sa kanyang akda na sadyang sinulat upang mabasa ng marami o kung ang sinasabi niya sa sarilinan.

Isa rin namang malaking palaisipan ito na kinakailangang isangguni sa bantug na orakulo ni Lola Basiang.